Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 221-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA REKLAMO NI G. GLICERIO L. GARCIA, LABAN KAY KAGAWAD FELICITO 'JUN' LASIC NG BARANGAY LIGAS, LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NINA: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA

SAPAGKAT, noong 06 Hulyo, 2020 ay nakatanggap ang Sangguniang Panlungsod ng liham mula kay G. Glicerio L. Garcia, laban kay Kagawad Felicito Lasic ng Barangay Ligas at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala noong 13 Hulyo, 2020. Noong 17 Hulyo, 2020 ay napadalhan at natanggap ni Kagawad Felicito Lasic ang kopya ng reklamo na may tagubilin na siya ay maghain ng sinumpaang kasagutan ukol dito sa loob ng 15 araw. Noong 30 Hulyo, 2020 ay natanggap ng Sanggunian ang sagot ni Kagawad Lasic;

SAPAGKAT, ayon sa reklamo ni G. Glicerio L. Garcia, noong 21 Hunyo, 2020 siya ay pinuntahan sa kanyang tahanan nina Kagawad Felicito Lasic, Kagawad Rene de Jesus, Kagawad Francis Santiago, Kagawad Benjamin Robles kasama si Kapitana Anastacia Camacho sakay ng Patrol ng Barangay. Dito ay galit na bumaba si Kagawad Lasic at siya ay pinagsalitaan ng hindi maganda at inalipusta dahil sa kanyang mga tanim sa gilid ng sapa. Idinagdag pa ni G. Garcia na sa kanyang pananaw ay mali ang pamamaraan ng paglilingkod ni Kagawad Lasic na gumagamit ng dahas at pagka-arogante;

SAPAGKAT, ayon naman sa sinumpaang kasagutan ni Kagawad Felicito Lasic, pinasinungalingan niya ang reklamo at ipinaliwanag na ang talagang sadya nila sa tahanan ni G. Garcia ay tungkol sa reklamo dito kaugnay ng kaniyang mga alagang bibe. Natuon lamang ang usapin sa mga tanim sa gilid ng sapa, dahil ito naman ay sakop ng NIA at walang pahintulot si G. Garcia upang magtanim dito;

SAPAGKAT, binanggit din ni Kagawad Lasic na wala siyang binitiwang masamang salita o' hindi niya minura si G. Garcia at ang pagkakasambit niya ng "Tanod pa lang ako ay mayabang na ako" ay bilang tugon lamang sa sinambit ni G. Garcia na "Naging Konsehal ka lang mayabang ka na";

SAPAGKAT, sa pagpupulong na ipinatawag noong 02 Setyembre, 2020 at sa pagtatanong ng mga bumubuo ng Lupon ay nabigo ring mapatunayan ng saksi ni G. Garcia, na si Bb. April Abay, ang bintang na pagmumura kay Kagawad Lasic at maging *si G. Garcia* ay nagkaroon ng kalituhan sa kaniyang naging pahayag na iyon;

SAPAGKAT, bagamat may mungkahi ng pagkakasundo para sa magkabilang panig, ito ay hindi tinanggap ng nagrereklamo. Sa halip ay hiniling niyang sa bahay niya, siya puntahan ni Kagawad Lasic at doon nila isagawa ang pagkakasundo;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

-----------------------------------x

SAPAGKAT, humiling ng isang kasulatan mula kay Kapitana Anastacia Camacho na ipagbibigay-alam ang pagkakasundong magaganap, subalit sa liham na kaniyang ipinadala ay walang naganap na pagkakasundo, KUNG KAYA

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipawalang-saysay ang reklamo ni G. Glicerio L. Garcia, laban kay Kagawad Felicito "Jun" Lasic ng Barangay Ligas, Lungsod ng Malolos bunsod ng hindi mapatunayang bintang ng pagmumura at pang-aalipusta ni Kagawad Lasic at sa kadahilanang ito ay walang basehan sa batas at sa mga tunay na kaganapan.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020